Isinulat ni
Ramon Lopez Rojas

Isinulat ni
Ali Castillo

May isang nanay na maya. Nagutom na siya at gusto niyang maghanap ng pagkain.





“Pepe, bantayan mo muna ang kapatid mo!” sabi niya kay Pepe.



Makalipas ang isang araw, lumabas si Popoy mula sa itlog.



Laging magkasama sina Pepe at Popoy. Isang araw, tinuruan ni Pepe si Popoy na lumipad.

"Ibuka mo ang iyong pakpak!" sabi ni Pepe.

"Ganito ba kuya?" sabi ni Popoy.



Tumalon si Popoy para makalipad, pero hindi pa siya nagtatagal sa itaas ay nahulog na siya sa lupa.





Isang araw,niyaya uli ni Pepe si Popoy na lumipad.

Hindi naman natakot si Popoy na sumubok lumipad muli.


Ibinuka niya ang kanyang pakpak, tumalon mula sa puno at ipinagaspas nang malakas ang pakpak.



Hindi na bumagsak si Popoy at magkasabay na silang lumilipad ni Pepe.